Global Scientific JOURNALS

GSJ: Volume 10, Issue 3, March 2022, Online: ISSN 2320-9186
www.globalscientificjournal.com

LARAWAN NG LIGAYA SA PAMILYANG PINOY (FILIPINO) SA MGA PILING AKDA NI LIWAYWAY A. ARCEO: ISANG MORALISTIKONG PAGDULOG

FREDERICK W GOMEZ, PhD
gomez_072364@yahoo.com

PRISCILLA F CANOY, PhD
priscillacanoy74@gmail.com

Abstrak (Abstract)

Ang pag-aaral na ito ay nakapokus sa mga larawan ng ligaya at lungkot sa mga pamilyang Pinoy (Filipino) sa pamamaraang panunuring pampanitikan. Mayroong sampung piling akda ni Liwayway A. Arceo ang binigyang-diin ng pagsusuri. Sinuri ang mga lutang na tema, estilo, tauhan, paningin, banghay, pati na rin ang paglalarawan ng pamagat, bilang batayan ng mananaliksik upang mauuunawaan ang estilo ng maunulat. Natuklasan ang mga lutang na tema sa mga piling akda ni Liwayway A. Arceo ay ang iresponsable at lasengong ama, martir na asawa, pabayang ina at wasak na pamilya, anak na suwail, pangingibang bansa ng magulang na naging sanhi ng pagkawasak ng pamilya. Natuklasan din ang estilo ng may-akda sa pagtalakay ng mga sumusunod: pamagat na kombensyunal ngunit iilan din ay di-kombensyunal kung saan gumamit ng isang malalim na pakahulugan o simbolismo ang may-akda upang mas maging masining ang paglalarawan nito; mga bilugang tauhan dahil sa pagbabago ng kanilang paniniwala, emosyon, at pananaw lalong-lalo na sa wakas ng kwento; kadalasan gumamit ng paninging "third person omniscient" kung saan ang nagsasalaysay ay may malawak na kaalaman sa mga nadarama, naiiisip at mga kilos ng mga pangunahing tauhan, at, banghay na may pagbabalik-gunita (flashback), at bitin na pagtatapos (A-T); at higit sa lahat, tinalakay ng may-akda ang moralistikong pagdulog sa mga piling kwento upang maihambing sa nangyayari sa kasalukuyang Lipunan. Ipinakita rin ang kaligayahan at kapighatian ng may akda sa pamamamgitan ng magulang na nagsusumikap magbanat ng buto para sa mga anak, di bale nang naghihikahos basta't magkasama sa iisang bubong ang buong mag-anak, ang pananatili kahit sinasaktan ng asawa mabuo lang ang pamilyang naging kaligayahan.

Susing-salita (Keywords): Larawan ng Ligaya at Lungkot

PANIMULA (INTRODUCTION))

Bawat Pilipino ay bahagi ng kanyang pamilya. Kahit siya ay doktor, manunulat, siyentipiko, o ano pa man, nananatili siyang ama o anak, pamangkin o apo, sa loob ng kanyang pamilya. Dito ay iba ang kanyang katungkulan at ang pagkakakilala sa kanya. Sa lahat ng oras ay pangunahin sa kanya ang kanyang tungkulin bilang kasapi ng isang pamilya. Ang pamilya ang tinaguriang pinakamaliit na sangay ng lipunan. Sa loob ng isang pamilya, maari ring mabalangkas ang isang pamahalaan o gobyerno. Ang mga magulang ang pamahalaan, at ang mga anak ang mga mamamayan. Ang bawat miyembro ay

magkaugnay sa dugo, sa bisa ng sakramento ng kasal o sa pamamagitan ng pag-aampon o paninirahan sa isang tirahan. Mahalaga ang pananatili ng pamilya dahil ito ang tumutugon sa maraming pangangailangan tulad ng pangangalaga sa mga batang kasapi nito. Ang mga anak ay kinakailangang arugain, bigyan ng sapat na edukasyon, kagandahang asal, disiplina, pagmamahal, turuang mahalin ang pamilya at kapwa, may takot sa Diyos at sa bansa, para kapag lumaki na ay gagawin din kung ano ang karapat-dapat. Bagama't hindi lingid sa kaalaman ng lahat na maraming mga kabataan ang nasasadlak at napupunta sa hindi magandang sitwasyon (Ariaso at Bacalla, 2021) lalo na sa mga napabayaan ng mga magulang. Ayon nga kay Maceda (2018), isa napakasakit na katotohanan ay ang pakakabuklod ng isang pamilya ay unti-unting nagbago di lamang sa Pilipinas pati na rin sa buong mundo. Gaano man katibay ay hindi maiiwasan ang pagkakaroon ng di pagkakaunawaan, pagkamatay ng isang miyembro ng pamilya, suliraning pinansyal o di kaya ay sa pagtitiwala na maaaring magresulta sa pagkakawatak-watak ng pamilya.

Ayon sa nakasaad sa Family Code of the Philippines, July 6, 1987 Chapter 2; Art 152-156 "ang pinakabuod ng pamilyang Pilipino ay ang ama, ina at mga anak. Ang ama ang pinakapuno ng pamilya. Siya ang nasusunod at nagpapasya para sa pamilya. Sa kabilang dako ay tungkulin niyang pakainin, bigyan ng matitirhan at papag-aralin ang mga miyembro ng kanyang pamilya. Kaya siya ang nagtatrabaho at kumikita ng pera. Ang ina naman ang bahala sa bahay at sa pag-aalaga ng mga bata. Siya ang humahawak ng pera ng pamilya at pinagkakasya ito sa pangangailangan ng pamilya. Ang mga anak naman ay may responsibilidad rin. Sagutin nila ang mahusay na pag-aaral at ang pagtulong sa bahay. Ang mga anak ay naging lehitimo kung sila ay nabuo at ipinanganak ng isang kasadong mga magulang – sila man ay ampon, sa paraan man ng inseminasyon basta't ito ay may legal na katibayan, at sila ay naitala sa Civil Registry kasama na ang *birth certificate*, sa mata ng batas sila ay mga lehitimong anak ng kanyang mga kinikilalang magulang. (Chapter 1: Art.163-164) Ngunit ayon sa Art. 165 ng Ikaanim na kabanata, ang mga anak na ipinagdalantao at ipinanganak ay hindi maging lehitimong anak kung ang mga magulang nito ay hindi pa kasal. Ayon kay Andres (1998), ang Pamilya ay hindi lamang malapit sa isa't isa, ito rin ay may pakikipagtao at may pananalig sa Diyos. Dagdag pa niya: *"the family plays a major role in value formation, for our parents instill the values that become the foundation of our moral behavior. As we grow older, the school, the church, and the community have contributed in developing the values our parents have instilled in us."*

Mula sa pahayag ni Bo Sanchez sa kanyang sinulat na pinamagatang "How to be Great Parents?" aniya, dapat ang magulang ang syang kumakalinga, magtuturo, gumagabay, magpo-protekta, at magmamahal sa kanilang mga anak. Dapat malaman ng anak na kahit anupa man ang mangyayari, alam nila na sila ay may makakapitan, ang pag-iibigan ng kanilang ama at ina para sa isa't isa ay kailan man hindi magbabago. *"To be in your children's memories tomorrow, you have to be in their lives today – Anonymous"* Isa rin sa pinakamahalagang bagay ang respeto sa isa't isa, dahil kung paano mo pinakitunguhan at tiningnan ang iyong kabiyak, o ang hindi mo pagrespeto nito na siyang nakikita at naririnig ng mga anak, ay siya ring gagawin ng mga anak sa magulang. Ayon sa kanya, ang Panginoon dapat ang magiging malaking bato na siyang maging isang matibay na moog at pundasyon sa loob ng isang pamilya–walang imposible sa Kanya." (Kerygma:16-17, September, 2008) Ayon din sa kasalukuyang ulat na nailathala sa *Journal Acta Paedriatica* na pinamagatang *"Father's Involvement and Children's Development Outcomes*: ang aktibong pakikisangkot ng ama sa pagpapalaki ng anak ay may malaking kinalaman sa mga ito. Binasi ng mga awtor, na sina Anna Sarkadi, Robert Kristiansson, Frank Oberklaid at Sven Bremberg ang kanilang pag-aaral nang marebisa ang mga kongklusyong ito ukol sa Pamilya na ang pakikisangkot ng ama ay nakakabawas sa ilang mga problema sa ipinapakitang pag-uugali ng mga anak na lalake at sikolohikong problema ng mga kabataang babae.

Dagdag pa nila na ang palagiang pakikisangkot ng ama sa lahat ng mga ginagawa ng anak ay maaaring maiiwasan din ang pamomroblema sa kasalatan sa buhay ng isang pamilya. (Kerygma:10. No. 218, Vol. 18. July, 2008.) Ang mga sumusunod ay ilang sipi sa mga iba't ibang testimonya, na siyang larawan ngayon sa isang pamilyang Pinoy sa ating komunidad**:** Sa testimonya ni Nora mula sa aklat na "Filipino Housewives Speak" (Aguilar, 1991), aniya, lagi siyang nagkakaroon ng argyumento sa kanyang ina. Una, ay ang pagtutol o ang pinagbabawalan siya na iiwanan palagi ang mga anak niya dahil siya ay nakikipag-sosyal sa kanyang mga kaibigan sa kanilang lakaran. Dapat daw na ibuhos niya lahat ang

kanyang oras sa kanyang mga anak tuwing pamamahinga o kung wala siyang pasok sa trabaho dahil ang walong oras ay naibahagi na niya sa kanyang trabaho bawat Araw.*" More than ten years been married with my husband. Nalaman ko lang lately na may dalawa syang anak out of wedluck na nasa akin, malalaki na…nagtataka po ako bakit gamit nila ang pangalan ng asawako? Wala naman daw s'yangpinirmahan, s'ya rin mismo nagulat dahilhe thought dala nila ang apelyedo ng Nanay nila. Puede ba 'yon? Di naman sa pati apelyido eh, ipagkakait ko, kaso lang 'yong first baby ko, pinanganak ko rin sa 'Pinas, by law kasi sinunod ko. Kaya my baby's surname was my maiden name, and na acquired lang n'ya 'yong surname ng asawa ko, after we got married."*

Sa isang liham mula sa Kerygma: *"Dear K, I need advice about my husband. I have been the only one working for six years already. We used to live with his parents (he's the only child) but I had a conflict with my father-in-law, so they decided to go home to the province. My husband wanted to join them but I persuaded him to stay. Now, I am fed up with him. He has no plans of getting any work. Our children have started with their schooling and I am losing hope in my husband"* (KERYGMA:8, No.218 Vol. 18. July, 2008.). Ayon din sa liham ni KG para sa Kerygma:9 (July, 2008.) na sa kasalukuyan ay patuloy pa rin siyang nakikipagkita sa kanyang dating kasintahan kahit ngayong may-asawa na siya dahil walang siyang madadaingan ng kanyang problema. Nasa labas ng bansa ang kanyang asawa at lagi raw siyang sinusumbatan nito at parang walang tiwala sa kanya sapagkat lagi nitong naaalala ang pakikipagrelasyon niya dati sa isang lalakeng may-asawa na noong dalaga pa siya. Pinangakuan siya ngayon ng kanyang dating kasintahan na handa nitong iwan ang kanyang pamilya magkasama lang sila ulit. Sa isang sulat galing sa isang ginang na natanggap ni Lucile Bernardino-Tanalan para sa kanyang kulom na "Personal Answers" (Health & Home, Jan: 2006), ayon dito: *"Ako ay isang byuda na nasa ikatatlumpung gulang pa lamang at may tatlong anak. Dahil wala na akong asawa hindi ko maiiwasang may mga lumiligaw sa akin. Kaya lamang, silang lahat ay mas bata pa kay sa akin. Mayroon sana akong natipuhan sa kanila sapagkat taglay niya ang mga katangiang hinahanap ko at higit sa lahat, komportable sa kanya ang aking mga anak. Naging suliranin para sa akin ang agwat n gaming edad. Natatakot ako baka darating ang araw na magbabago siya at makatagpo ng mas bata kaysa sa akin."* Sa isang panayam na ginawa ni Bianca Consunji sa kanyang paksang *"More money, more problems"* (Metro, September 2008), ayon kay Tess (isang asawa), na siya ang nagtatrabaho para sa kanilang pamilya. Okey lang sa kanya ang sitwasyong ito basta't aasikasuhin ng asawa niya ang ibang mga gawaing-bahay, aalagaan ang kanilang mga anak at susunduin siya nito mula sa kanyang pinagtatrabahuan tuwing uwian. May mga magaganda namang karanasan ang ibang miyembro ng kani-kanilang pamilya at nagkaroon sila ng mga masasayang pagsasama tulad ng mga iba't ibang pahayag mula:

Sa ginawang pakikipanayam ni Dexter O. Quinones sa kanyang "*How Do You spend Quality Time With Your Family?"* (Health & Home. Feb:2006), sinabi ni Ruby Mae*: "Kung libre ako at walang trabaho, kasama ko ang buong pamilya sa labas ng aming bakuran at ang gagawin namin ay ang magbarbecue, o di kaya'y pupunta kami sa beach at sabay-sabay na maliligo. Minsan ay naisipan naming sumasali rin sa mga larong badminton, scrabble, chess kasama ang mga kaibigan at kapitbahay at higit sa lahat tumatawa kami nang malakas sabay-sabay."* Isinalaysay din ni Rissa Singson-Kawpeng (Kerygma: Sept. 2008) ang knayang pagkatuwa ukol sa ipinamalas ng kanyang mga magulang sa kanyang sinulat na *"What My Parents Failed to Teach Me"*. Sabi niya ang pinaka mahalagang bagay na naituro ng kanyang mga magulang sa kanya ay ang di pagkakaroon nito ng pag-aaway sa kanyang harap. Talagang iniiwasan ng kanyag mga magulang na marinig at makita sila nito na nag-aaway kaya, ngayong may-asawa na siya at magkakaroon na ng anak, ito rin daw ang kanyang iiwasan na matunghayan at marinig ng mga anak ang pagtatalo nila ng kanyang asawa kung saka-sakali.

Ayon kay Bishop Rey Domingo (2008) sa kanyang ipinarating para sa mga miyembro ng IRM na nagtatrabo sa labas ng bansa, aniya *"naniniwala akong inyong nababalitaan ang mga pangyayari sa ating bansa. Ang hindi mapigilang* graft and corruption*, ang pagdami ng mga batang hindi nakapag-aaral na ang kinakasanayan ay ang suminghot ng* rugby *upang makalimutan pansamantala ang kanilang gutom samantalang ang kanilang katawang lupa naman ay unti-unting sinisira ng sakit. Sa aking narinig ay mahigit isang libo na mga Pilipino ang umaalis sa bansa bawat araw upang sa iba't ibang bansa ng daigdig maghanapbuhay o panatilihang manirahan. Sa pinakamarami sa kanila ang nagbunsod na umalis ay ang kawalan ng oportunidad sa ating bansa at ang pagnanais na hanguin sa kahirapan ang mga kapamilyang naghihirap. — Ang kanilang layunin sa pag-alis ng bansa ay makatwiran at mayroong lunas na maitutulong sa paglutas ng suliraning pambansa.*

Ayon kay Senador Manny Villar sa kanyang ADS na "Itanong Mo sa mga Bata": "naging realidad na sa ating lipunan ang naglipanang mga batang lansangan. Sa halip na kumonti ang mga street children, parang lalo pa silang dumarami. Nakalulungkot na sa mura nilang edad, nasasabak na sila sa mga peligro at masasamang elemento sa mga lansangan. Hindi nga ba't ang mga batang ito ang unang nabibiktima ng prostitusyon, droga, pornograpiya, pang-aabuso at kung anu-ano pang krimen? Kadalasan pa, dahil sa ang tahanan nila ay ang lansangan na, natutunan din nila ang mga bisyo at iba pang kasamaan. Kaya naman, marami rin sa kanila ay nagiging kriminal na rin. Sila ang tinatawag na mga juvenile delinquents na problema sa maraming bansa sa mundo. Kung atin kasing susuriin ang puno't dulo ng juvenile delinquency, malamang isa lang ito - ang kapabayaan ng mga iresponsableng mga magulang. Kung walang delinquent parents, pihadong wala o kokonti lang ang magiging mga juvenile delinquents…ano na lamang ang kahihinatnan ng ating lipunan? Itanong na lang natin sa mga bata...mga kaso ng child abuse o exploitation ang hindi na nakararating sa kinauukulan, lalo na kung ang krimen ay ginawa sa mga batang lansangan. Sino ang magrereklamo para sa kanila?"

Si Liwayway A. Arceo: Ina, Asawa, Manunulat

Naipapakita ni Liwayway A. Arceo sa kanyang mga panulat ang kanyang pagkaina at pagkaasawa – marami sa kanyang mga maiikling katha ang sumasalamin sa mga larawan ng Pamilyang Pinoy. Ayon kay Santiago at mga kasama (1989), na isa si Liwayway A. Arceo sa mga manunulat na naging tanyag sa kanyang panahon. Ang kanyang kwentong "Uhaw ang Tigang na Lupa" – ang pagkauhaw ng anak sa pagmamahal ng magulang at ang pagkauhaw ng ina sa pagmamahal ng asawa sa kanya. Kabilang si Liwayway A. Arceo sa isang maluwalhating yugto sa kasaysayan ng kathang Tagalog – nagsimula sa mga kuwarenta, yumabong pa sa mga sumunod na dekada, at naghihintay pa ngayon ng ikalawa o ikatlong pagyamungmong. Ang sinulat ni Arceo – ang pagiging panghabang-panahon – ay isang katangiang maaaring matagpuan sa ilang piling manunulat ng anumang yugto. Subalit may kakanyahan ang pagiging panghabang panahon ni Arceo sapagkat hinubog ng kanyang damdamin at wika – na babaing-babae at ang kanyang paggiging asawa at ina. Anupa't mga bahagi ng buhay – sa panulat ni Arceo ng isang babae – na kung dinalisay man ng malikhaing isipan ni Arceo ay karaniwan lamang na dumarating sa tao. Kaya nga nabigyan man ng sariling tagpuan at oras ang mga katotohanang isinalaysay ni Arceo sa kanyang mga sinulat na maiikling katha, mga katotohanan yaong kilala ng makababasa, kung hindi man naging matalik na karanasan niya yaon. Ang katangiang iyan – ang pagiging karaniwan ng karanasan ay siyang kawing ng panitikang likha ni Arceo sa panitikan para sa lahat ng panahon at para sa lahat ng tao.

PANANAW (REFLECTION)

Nakakalungkot isipin na maraming pamilya ngayon sa ating lipunan ang nawawasak dahil na rin sa pagkukulang maaari ng isa o ng mga miyembro ng pamilya. Bawat nilalang dito sa mundo ay nangangailangan ng isang pamilyang makakapitan at masasabing dito sila napabilang-na siyang magmamahal at mamahalin din niya. Bilang asawa, ina at bahagi ng lipunan, ang mananaliksik ay nagkaroon ng interes na mabigyang-pansin ang mga naging larawan ngayon ng iba't ibang pamilyang Pilipino, ang mga natamong kaligayahan at kapighatian ng bawat tahan ay aalamin sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga ilang napiling kwento na sinulat ni Liwayway A. Arceo. Naniniwala ang mananaliksik na gaano man kahirap ang buhay ay maitataguyod ito kung tulung-tulong ang bawat isa – ang mag-asawa ay maging isang magandang huwaran para sa kanilang mga anak, mga magulang na mapagmahal sa anak at hindi pabaya, mga anak na masunurin at mapagmahal sa kanilang mga magulang; madasalin at may takot sa Diyos, gumagawa ng kabutihan alinsunod sa batas ng tao at ng Panginoon, may malaking posibilidad na ang pamilyang ito ay maging huwaran din sa kanyang lipunang kinabibilangan. Ito rin ang ipinahayag ni Florentino Timbreza (2003) sa kanyang aklat na Filipino Values Today, aniya " *In every culture the family is the primary carrier of values. Parents, the father and the mother and the other elders, bear the culture and values of their society or community. As the child grows, he is being molded by the upbringing. "Kung ano ang kinamulatan ay siyang pagkakatandaan."*

Ngunit, sa kasalukuyang panahon ng ating lipunan– panahon kung saan ang mga magulang ay pawang wala sa tahanan sapagkat abala sa negosyo at trabaho, mahirap masusubaybayan ng mga

magulang ang mga anak kahit pa man gugustuhin ng mga ito sapagkat wala silang oras, bihira nang makasama sa pamamasyal, pagsisimba at kahit pa sa hapag-kainan, at ang mas malala pa ay ang bibihirang pagkakaroon ng oras para magkakausap. Tulad halimbawa ng isang sitwasyon na nababanggit sa isang tulang…

"Noon at Ngayon"
"Puspusang paggabay at pagdidisiplina
Kay Itay at Inay makukuha
Batas na totoo, lahat ng salita nila.
Ang panahon ngayon ay tila nag-iiba na
Sumusubaybay sa anak ay media at yaya
Na pinagkakatiwalaan ng magulang na abala.
Tuwing Linggo ay sama-sama
Buong pamilya at kamag-anakan pa
Kumustahan, kuwentuhan sadyang ligaya na.

Ngunit ngayon sa oras ng libangan
Kanya-kanya at isa-isang lumilisan
Computer, Malls, TV at sinehan ang nasusumpungan.
Ilaw at haligi ng tahanan sa bahay ay nadadatnan
Kahit dampa lamang ay puno naman ng pagmamahalan
Hinding-hindi pagpapalit sa anumang kayamanan.
Ngunit, si Itay at Inay ay nagpasyang maglakbay
Kinabukasang matatag ito raw ang pakay at alay
Konkreto nga ang aming bahay ngunit salat naman sa paggabay."- NDCM (2022)

TEORITIKAL (THEORETICAL)

Pinatutunayan ng maraming kritiko na ang bawat pananaw o teoryang ginagamit sa pagsusuri sa alin mang akda ay may kakambal na pilosopiya sa buhay. Ito ay matatagpuan sa pagpapahayag na ginagamitan ng kaisipang moral. Naniniwala ang ilang kritiko na hindi sapat na patunayan kung bakit at kung paano naging masining ang isang akda, kundi ang maipakita ang mga pamantayang moral na lantarang ipinakikita sa akda. Sa pagtalakay sa pagdulog moralistiko ay mahalaga ang magkaroon ng malakas na hila ng moralistikong pananaw sa pagbibigay ng diin sa layunin ng panitikang itanghal ang kabutihan at itakwil ang kasamaan. Kaya ang matalinong pagpapasya ukol sa bagay na ito ay siyang kinikilala at dinadakila ng panitikan. Sa panahon ni Plato ay ginagamit ang uri ng moralidad sa pagbibigay ng kabuluhan sa nobela, dula, maikling kwento, o anumang akdang pampanitikan. Isinaalang-alang sa mga akda ang pagsang-ayon o di-pagsang-ayon sa namayaning moralidad sa lipunan. Tulad ng dulang *Tennessee Williams* na hindi makapapasa sa panlasa ng moralidad sa Pilipinas dahil ang mga tauhan ay "Itinitiwalag" ng lipunan, mga babaing mababa ang lipad, kerida, sugapa sa masamang bisyo at iba pa. Subalit ngayong kasalukuyang henerasyon ay marami na ring mga manunulat na mga Pilipino ang sumunod sa yapak nito (*however, in this generation many of the Filipino writer follow this footstep* **(**Dayag et.al., 2004).

May kahirapang gamitin ang pagdulog na ito sapagkat may panganib na ang gagamiting batayan ng sumusuri sa kung ano ang tama o ang mali ay ang sarili niyang paniniwala o simulain sa buhay. Ang paghatol sa pagiging moral o *immoral* ng isang bagay ay nababatay nang malaki sa kung anong paninindigan ang tinatanggap ng sumusuri – ang pamantayan ng moralidad ay iba-iba rin sa bawat pook at panahon. Sinasabing ang moralidad at ang etika ay pawang ginagamit sa magkatulad na kahulugan. Sa kabuuan, ito ay nangangahulugang tradisyunal na nakagawian, gawi, pag-uugali, kaugalian, karakter ng buong komunidad, pangkat at pamilya na tumutukoy sa batayan ng buong pangkat ng kanilang sistemang pinapahalagahan na kung saan tumutukoy kung alin ang tama, wasto, o ang wastong paraan ng pamumuhay, pagkilos at wastong gawain (Reyes,1989). Sa larangan ng etika, ang konsepto ng batas-kalikasan-moral ang isa sa mga mahahalagang kontribusyon ni Sto. Tomas de Aquino sa kanyang mga babasahin ukol sa pilosopiyang Moral. Lahat ng umiiral ay tumutungo sa kanyang sariling kaganapan at umiiwas sa anumang ikawawasak nito. Tulad ng lahat ng may-buhay, tungkulin niyang panatilihin ang sariling buhay at igalang ang buhay ng kapwa. Subalit kahit pa man ang tao ay may isip at kalayaan, tungkulin niyang alamin ang katotohanan lalo na ang ukol sa Diyos at ang mabuhay sa lipunan (Dy, Jr.,1985).

Sinabi ni de Castro (1995), bilang mga rasyonal na nilalang, kailangan natin makapagbigay ng katwiran para sa ating mga ikinikilos (*as a rational being, we need to justify our action*). Subalit, hindi natin karaniwang iniisip kung bakit sa pangkabuuan, kailangan tayong magpakabuti. Kung iuugnay sa ating kasalukuyang pag-aaral, ay may katanungang nabanggit ni Socrates sa *Euthypro:* Dabat ba nating gawin ang mabuti dahil ito ay ipinag-uutos ng Diyos, o gawin ang ipinag-uutos ng Diyos dahil ito ay mabuti? (*do we act/move/do this because it was ordered by God, or we act/move/do the order by God because this is good?*) Ayon sa teorya ni Plato, "*to be virtuous is to be happy."* Bilang isang Pilosopo, para kay Plato, hindi sapat ang magbigay ng karagdagang ideya ukol sa anong dapat gawin ng isang tao, kundi dapat nating tanggapin at sundin ang batayan ng wastong pangangatwiran. Kung ano man tayo sa paningin ng iba at sa ating lipunan, tayo mismo ang gumagawa ng ating pagkakakilanlan. Maaaring maging mabuti tayo o pangit sa paningin ng iba batay na rin sa ating mga ikinikilos at ito ay pinatunayan ni Timbreza (2003), ayon sa kanya, nabanggit ni Manuel Dy Jr. sa aklat nitong pinamagatang *Person and Reality* ang ganitong pahayag: "*clearly enough, moral value can either make or unmake an individual; moral value of good and evil forms our personhood." Kahit pa man sapag-aaral ni* Gegato (2007), may iba't ibang aral ang makukuha rin sa mga piling kathang awitin ni George Canseco "sa ating kapwa na handang magpapatawad sa lahat ng pagkakataon" (*to our brethren ready to foregive at all time*). Kasali rito ang pagtalakay pangmoral, at mga isyung panlipunan na makakatulong upang suriin ang mga kahinaan o kalakasan; pagpapasya sa mga desisyong nangangailangan ng pagmumuni-muni kung ito ba ay nakakabuti hindi lang sa sarili kundi pati na rin sa iba, lalung-lalo na sa nakararaming tao sa lipunan. Bilang dagdag, may pagkakataon na ang paningin natin sa isang bagay ay tama lang para sa isang aspeto, hindi tinatantya kung mayroong positibo o negatibong maidudulot sa iba.

Ngunit higit sa lahat, may mga natuklasan mula sa pag-aaral ni Baylon (2003) ukol sa mga piling akda ni Deogracias A. Rosario, isa na rito ay ang pakikipagkumpetensya ng dyablo sa kapangyarihan ng Diyos (*the competition of evil to the power of God*). Ginamit nito ang taong mga mahihina ang moralidad at katatagan upang mapariwara ito. Kaya dapat, kailangang magpakatatag sa paniniwalang makakamit niya ang lakas laban sa tentasyon.

Ang Iskima ng Pananaliksik Makikita sa eskima ng pag-aaral na ito ang mga sumusunod na paglalarawan. Isang larawan ng bahay na gawa sa pawid ang makikita na sumisimbolo sa isang tahanang Pilipino. Mula sa pinakadakong ilalim ay makikita ang mga piling akda ni Liwayway A. Arceo na siyang susuriin. Ang dalawang magkahiwalay na bintana ay nagpapakita ng dalawang larawan: nakangiting labi – na ang ibig sabihin ay kaligayahan; at ang matang luhaan – na sumisimbolo ng kapighatian ng mga tauhan sa loob ng kwento ni L.A.A.

Pag-aaralan ang mga lutang na tema, at ang istilo ng may-akda sa paglalarawan ng pamagat, tauhan, paningin at banghay, at ang mga ito ay makikita sa kaligiran ng dalawang larawan. Ang tema ay mga kaisipan o mensaheng hinggil sa paksa ng isang akda (Fuentes at Alvarado, 2017). Isang napakalaking titik "M" naman ang makikita sa dakong itaas ng bahay kung saan ito ang may malaking kinalaman sa pag-aaral. Susuriin ang mga kahinaan at katatagan ng mga tauhan ukol sa moralidad at kung paano tinalakay ng may-akda ang moralistikong pagdulog sa mga piling katha upang maihambing ang mga ito sa nangyayari sa kasalukuyang lipunan. Sa pinakatuktok ng eskima ay nakaarko ang pangyayari sa kasalukuyang lipunan. Nailagay sa pinakaitaas na bahagi sapagkat ang pag-aaral ukol sa moralidad ng mga tauhan sa napiling kwento ay ihahambing sa kasalukuyang lipunan na ating ginagalawan at sinasabing ang isang pamilya ay bahagi ng lipunang kanyang kinabibilangan.

METODOLOHIYA (METHODS)

Ang disenyong ginamit ng mananaliksik ay ang palarawang panunuri (descriptive analysis). Ang disenyong ito ang ginamit upang mapag-aralan at mailalarawan nang lubusan ang mga larawan ng ligaya't pighati ng Pamilyang Pinoy mula sa mga piling akda ni Liwayway A. Arceo. Upang lubos na mauunawaan ang mga akda ni Liwayway A. Arceo, sinuri ang mga sumusunod: tema, istilo ng may-akda sa pagtalakay ng pamagat, tauhan, paningin, banghay ng kwento, at kung paano tinalakay ang moralistikong pagdulog sa kwento upang maihambing sa mga pangyayari sa kasalukuyang panlipunan.

Ang ginawang pananaliksik at pagbabasa ay halaw sa iba't ibang aklat-literatura, mga babasahin, ensayklopedia, sa internet at sa mga kaugnay na pag-aaral ukol sa panitikan, maikling kwento at iba pang pampanitikang akda o pahayag ukol sa mga piling tao na nasa ibayong dagat.

Pamamaraan ng Pagsusuri

Ang panunuring pampanitikan na *nakapokus sa teksto at konteksto mahalaga (Aguila, 2017).* Batay sa kinalabasan ng pag-aaral na ito, natuklasan ng mananaliksik na mahalaga ang pagsusuri ng mga akdang ipinagagamit sa mga mag-aaral. Ayon kay Aguilar at mga kasama (2000), ang panunuring pampanitikan ay isang paraan ng pamumuna. Sa ating pamumuna, makikita natin ang mga kahinaan o laksa ng binasang likhang-sining. Ang ganitong paraan ng paghusga ay maingat na makaaangat sa mga antas ng mga naisulat na at maaaring maging batayan ng mga akdang isusulat pa. Ang mananaliksik ang syang gumawa ng pagsusuri sa sampung mga piling akda ni Liwayway A. Arceo batay sa inirekomenda ng panel dahil na rin sa kaiklian ng panahon. Bago sinimulan ang pagsusuri, nagkaroon muna ang mananaliksik ng mga masusing pagbabasa ng iba't ibang mga babasahin tulad ng mga aklat, magasin o babasahin na naglalaman ng ukol sa panunuring pampanitikan lalo na sa mga gagamiting panukatan sa pagsusuri upang lubos na mauunawaan ang mga gagawing pag-aaral.

Susuriin ang sampung mga piling akda batay sa mga suliraning nakalahad.

1. Anu-ano ang mga lutang na **tema sa mga piling kwento** (*theme & the chosen story*) ng may-akda?
2. Ano ang istilo ni Liwayway A. Arceo sa pagtalakay sa mga larawan ng ligaya at pighati sa pamilyang pinoy sa pamamagitan ng:
    2.1. Pamagat?
    2.2. Tauhan?
    2.3. Paningin?
    2.4. Banghay?
3. Paano tinalakay ng may-akda ang moralistikong pagdulog sa mga piling kwento upang maihambing sa mga nangyayari sa kasalukuyang lipunan? Ang mga sumusunod ay mga panuntunang ginawang panukatan ng pamumuna at panunuri:
    1. Anu-ano ang mga *lutang na tema (surface theme)*?
    2. Istilo sa Pamagat:
        a. *Kombensyunal* (Tradisyunal na estilo, may sinusunod na batayan)
        b. Di-kombensyunal (Makabago–walang sinusunod na batayan)
    3. Istilo sa Paglalarawan sa Tauhan:
        a. tauhang lapad (flat character)
        b. tauhang bilugan (round character)
    4. Istilo sa Paglalarawan sa Paningin (point of view
        a. *First - person (participant/ observer)* – unang panauhan
        b. *Third - person omniscient* – pangatlong panauhan
    5. Istilo sa Paglalarawan sa Banghay
        a. Mula *"A – T"* (*hanging* o bitin)
        b. Mula *"A – Z*" (nagsisimula sa simula hanggang wakas)
        c. Nagsisimula sa gitna ("*in media res* ")
        d. Pagbabalik-gunita (*flashback*)

RESULTA AT DISKUSYON (RESULTS AND DISCUSSIONS)

Batay sa panunuring ginawa ang mga lutang na tema sa mga piling akda ni Liwayway A. Arceo ay ang mga sumusunod: iresponsableng ama, martir na asawa, sobrang pagmamahal ng ina sa anak, wasak na pamilya, pabayang ina, wastong paggabay ng magulang sa anak, pangingibang bansa ng magulang o asawa. Natuklasan din ang estilo ng may-akda sa pagtalakay sa mga larawan ng ligaya't pighati ng pamilyang Pinoy na napapaloob sa mga piling akda ni Liwayway A. Arceo sa pamamagitan ng pamagat ay ang mga sumusunod: Kombensyunal ang pagkakabuo ng iilang pamagat ng mga piling akda. Makikita sa pamagat mismo ang naging paksa, ang pinag-uusapan at ang mga naging sanhi ng mga suliranin sa kwento. Di-kombensyunal naman ang estilo ng ilang pamagat sa kwento ng may-akda kung saan iba ang naging kahulugan ng mga pamagat sa ideya o daloy ng kwento. Gumamit ng isang malalim

na pakahulugan o simbolismo ang may-akda upang mas maging masining ang paglalarawan nito. Ang estilo sa pagtalakay ng mga naging pangunahing tauhan sa kwento ay mga bilugang tauhan sapagkat nakikita sa kanilang katauhan ang pagkakaroon ng pagbabago ng kanilang paniniwala, emosyon at iniisip sa wakas ng kwento. Natuklasan din na ang iba pang katulong na mga tauhan sa kwento ay lapad na tauhan.

Tulad ng mga ina na naglalarawan sa isang mapagmahal, maalalahanin, mapagbigay sa anak at minsan matiisin at martir na asawa mula sa simula hanggang sa wakas ng kwento. Kabilang din ang estilo ng may-akda sa paglalarawan ng paningin (point of view) ang paggamit ng *"third person omniscient"* kung saan ang nagsasalaysay ay ay may malawak na kaalaman sa mga nadarama, naiiisip at mga kilos ng mga pangunahing tauhang inilalarawan niya sa kwento. Ginamit din ang paninging unang tauhan ng may-akda upang mailarawan ang iba't ibang mga tauhan. Sa paninging ito, mas higit na kapani-paniwala ang paglalarawan sapagkatang sarili mismo ng tagasalaysay ang kasangkot sa kwento. Nais ng may-akda na mailantad sa lipunan ang mga naging suliranin ngayon ng bawat pamilya ng ating lipunan, ang magkaroon ng kamalayan upang makahanap ng karampatang lunas at katarungan. Natuklasan din ang estilo ng may-akda sa paglalarawan ng banghay sa mga piling kwento ang paggamit niya ng mga pagbabalik-gunita (flashback) upang mapagdudugtung-dugtong ang mga pangyayari at may mga bitin na pagtatapos (A-T), ngunit may mga akdang maayos na pagkakasunod-sunod ang mga tagpo (A-Z). Natuklasang tinalakay ng may-akda ang moralistikong pagdulog sa mga piling kwento upang maihambing sa nangyayari sa kasalukuyang lipunan sa pamamagitan ng mga amang lasenggo na nananakit ng asawa at anak, na sa halip magbanat ng buto upang maitaguyod ang pamilya ay siya pang naging pasanin ng pamilya, ang pagkakaroon ng isa pang relasyon gayong may pamilya na ito. Ang pakikiapid ng babae sa lalakeng may-asawa na aming ganito sa ating lipunan ngayon. Kailanman ay di natatanggap sa ating lipunan ang magkaroon ng dalawang asawa ng isang lalake o babae na kasal o may pamilya na, at ang pagkalulong sa druga at pagkabuntis bunga ng sama ng loob ng anak sa kanyang magulang.

Sa kabila ng mga imoral na mga pangyayari sa mga piling kwento ng may-akda ay naitalakay pa rin ang mga magagandang bagay na dapat pamarisan tulad ng pagkamartir ng isang asawa, pagkamatiisin at isang mapagmahal na ina. Ang pagkakaroon ng pagsasama-sama ng buong pamilya kung saan naipakita ng ama at ina ang wastong pangangaral at pagmamahalan sa isa't sapagkat may oras silang inilalaan habang nasa kanilang tahanan. Sa kasalukuyang lipunan, may mga pamilya pa rin na nagkakabuklud-buklod dahil may mga magulang pa ring may paninindigan, matatag at hindi ipinagpapalit ang kanilang pamilya at mga anak na wastong landas ang sinusubaybay dahil may mapag-aruga at mapagmahal na mga magulang ang laging pumapatnubay sapagkat kaligayahan nila ang makitang buo at magkasama kahit pa man salat sa kasaganaan sa buhay. Natuklasan din ang mga nagging kaligayahan at kalungkutan ng pamilyang Pinoy mula sa mga akda ni LAA ang kaligyahan ng mga magulang kapag nakikita nila at naririnig na ang kanilang anak ay lumalaking magalang at pinupuri ng ibang tao. Kaligayahan ang nadarama ng isang ina kapag nakita niyang may mararating ang anak di bale na kung halos lahat ng oras niya ay nakalaan pagbabanat ng buto at sa pagsusubaybay sa kanyang anak. Ganito rin ang nadarama ng mga anak kapag nakikitang nagmamahalan ang mga magulang at higit na nasasaktan kapag nagkakahiwalay. Kapighatian ang nadarama ng mga anak kapag alam nilang hindi na muling magkasundo ang mga magulang lalo pa't kung ang pag-ibig at pagmamahal ay hindi na naipapadama sa bawa't isa. kasama sa bawat lakaran. Isang labis na kapighatian kapag iyong nalalaman na ang mahal mo sa buhay ay nagaroon ng isang malalang karamdaman at wala na itong kalunasan pa. Napakasakit tanggapin para sa isang anak ang makitang may karamdaman ang magulang at malagutan ng hininga.

KONGKLUSYON (CONCLUSION)

Napakahalaga ng papel ng isang magulang sa isang pamilya. Kung wala sila paano na ang mga anak. Bilang isang asawa at ina, ang mananaliksik ay nakadama ng pangamba sapagkat ang mga sinuring akda ay sadyang mga replika at larawan ng mga pamilyang Pinoy sa kasalukuyang lipunan. Mula sa estorya, pagganap ng tauhan, maging ang mga bagay-bagay, pook at sitwasyon ay halos kahawig sa mga pangyayari sa realidad ng buhay ng isang pamilya. Walang pagmamalabis at imposibleng pangyayari.na binanggit ang may-akda sa paglalarawan niya sa mga pangyayari sa kwento. Maaaring ang may-akda,

bilang asawa at ina ng apat na anak ay naglalayong maisambulat sa kamalayan ng buong lipunan na ang pamilya ang siyang pinakamahalagang salik kung ano man ang naging mukha ng lipunan mayroon tayo. Ang pagmamahalan ang tanging kasagutan upang ang bawat pamilyang Pinoy ay manatiling buo at matatag. Ang mga magulang ang may malaking pananagutan kung masadlak sa kapahamakan ang mga anak. Kung napalaki natin ang ating mga anak sa kabutihan, marespeto sa kapwa, may takot sa Diyos, sila ay maging kapuri-puri para sa kanilang pamilya at sa ating lipunan.

REKOMENDASYON (RECOMMENDATION)

Hindi maikakaila na ang mga pampanitikang akdang Pilipino ay hindi na napapahalagahan ngayon ng ating mga mambabasa lalo na sa mga mag-aaral. Mas nahuhumaling sila sa mga babasahing nakakaaliw sa kanilang mga mata. Naging malakas ang pwersa ng teknolohiya hindi lamang sa mga mag-aaral kundi pati na ang mga guro mismo sa paaralan. Batay sa mga natuklasan mula sa pagsusuring ginawa, ang mga sumusunod ay inerekomenda ng mananaliksik: 1. Dahil ang mga akda ni Liwayway A. Arceo ay naglalaman ng mga temang may kinalaman at nakikita sa pamilyang Pinoy sa kasalukuyan dapat itong gamitin bilang lunsaran sa pagsusuri ng mga gurong nagtuturo ng panitikan, sa sekondarya man o kolehiyo sapagkat lahat ng mga mag-aaral ay nanggagaling sa isang pamilya at ang pamilya ay bahagi ng ating lipunan; 2. Sana'y magkaroon pa ng ilang pag-aaral ukol sa panunuring may moralistikong pagdulog, hindi lamang sa Filipino kundi pati na rin sa Ingles sapagkat maselan ang pananaw at pagdulog na ito. Nahihirapan ang mananaliksik na maghanap ng ideya sapagkat nangangailangan ito ng masusing pagbabasa mula sa iba't ibang babasahin at pag-aaral; 3. Ang maituro ng mga guro at propesor sa mataas na paaralan, kolehiyo at paaralang gradwado lalo na sa mag-aaral ng *M.A Filipino/English* ang iba't ibang pagsusuri ng pampanitikang akda na may kinalaman sa estilo ng may-akda sa paglalarawan sa pamagat ng kwento, tauhan, paningin, at banghay.

TALASANGGUNIAN (REFERENCES)

Abad, Melanie L. (2004). Linangan: Wika at Panitikan 2-IBON Foundation, Inc.

Aguilar, Delia D. (1991). Filipino Housewives Speak. Raintree Trading & Publishing, Inc. Mandaluyong, Metro Manila.

Aguilar, Elizabeth (2000). Ang Bagong Filipino Ngayon IV. Bookmark, Inc.

Alejandro, Rufino., Ph D. (1979). Sining at Pamamaraan ng Pag-aaral ng Panitikan. Phil. Book Company.

Andres, Tomas Q. (1998). People Empowerment by Filipino Values. Rex Book Store, First Edition,

Bacalla, L. & Ariaso, R. (2021) Image of Young Children on selected Fiction of Genove Edroza Matute. http://www.theajhssr.com/V4_6/THEAJHSSR_H04606306903108.pdf

Barrios, Joi at Tolentino, Rolando B. (2002). Ang Aklat Likhaan ng Tula at Maikling Kwento 2000. University of the Philippines Press.

Belvez, Paz M., Ed.D. (2006). Panitikan ng Lahi – Pangkolehiyo. Rex Book Store.

Belvez, Paz M. (2004). Retorika: Mabisang Pagsasalita at Pagsulat. Rex Book Store.

Casanova, Arthur. (2001). Panitikang Pilipino-Unang Edisyon. Rex Book Store, Inc.

Dayag, Alma M. (2002). PLUMA Wika at Panitikan III. Phoenix Publishing House.

Domingo, Bishop Rey (2008) IRM-Migrant worker. http://bishopreydomingo.wordpress.com/2008/08/29/open-letter-to-irm-members-working-abroad/) retrieved 3/12/2022

Dy, Manuel B. (1985). Mga Babasahin sa Pilosopiyang Moral. Publishers Asso. Of the Phils., Inc. JMC Press, Inc.

Edroza, Genoveva D. at Alejandro, Rufino. Diwang Ginto. (1973) PBC. Publishing.

Fuentes, JM & Alvarado, T. (2017). Tugmaang Pambata: Diskriminasiyong Pangka-sarian https://d1wqtxts1xzle7.cloudfront.net/63114982/APJEAS-2018.5.1.0120200427-111411-1jy2lpe-with-cover-page

Gonzales, Lydia Fer (1982). Panitikan sa Pilipino – Pandalubhasaan. Rex Book Store.

Landicho, Domingo G. (2001). Ang Aklat Likhaan ng Tula at Maikling Kwento. The University of the Phil. Press. Quezon City.

Lumbera, Bienvenido (2000). Paano Magbasa ng Panitikang Filipino: Likhaan. U.P. Creative writing Center & UPP.

Mabanglo, R. (1997). Panunuring Pampanitikan: Makabagong Pilipino Para sa Kolehiyo. Alemar – Phoenix Publishing House, Inc., Manila. 1997.

Maceda, F. (2018). Epekto ng Pagkakaroon ng Watak-watak na Pamilya sa Pag-aaral sa Ilang Piling Indibidwal sa Isang Pribadong Paaralan ng Lanao del Norte. https://www.academia.edu/36055653/Epekto_ng_Pagkakaroon_ng_Watak_watak_na_Pamilya_sa_Pag_aaral_sa_Ilang_Piling_Indibidwal_sa_Isang_Pribadong_Paaralan_ng_Lanao_del_Norte

Medina, B.S. Jr. (1984) Mga Piling Katha ni Liwayway A. Arceo. Ateneo de Manila University Press.

NDCM (2022) Values. *http://valueseducation.net/sl* c fil. Htm/3/7/2022

Panganiban, Jose Villa (196). Panitikan ng Pilipinas-Binagong Edisyon. RBS.

Patrocinio, Villafuerte V. (2004). "Pagtuturo ng Filipino: Mga Teorya at Praktika." Mutya Pub. House.

Patron, Elena M. (1998). Mga Kwento ng Puso. Ateneo de Manila. University Press.

Pineda, Ponciano B. (1988). Panunuring Pampanitikan II – Mga Nagwagi sa Gawad Surian sa Sanaysay (1984-1988) Linangan ng mga Wika sa Pilipinas.

Reyes, Ramon C. (1989). Ground and Norm of Morality. Ateneo de Manila University Press.

Reyes, Soledad S. (1997). Pagbasa ng Panitikan at Kulturang Popular: Piling Sanaysay, 1976 – 1996. Ateneo de Manila University Press.

Rubin, Ligaya T. (2001). Panitikan sa Pilipinas. Rex Book Store.

Santiago, Lilia Q. (1995). IDEA at ESTILO – Komposisyong Pangkolehiyo sa Wikang Filipino. University of the Philippines Press.

Sauco, Consolacion P.1978). Panitikan Para sa mga Kolehiyo at Pamantasan.

Sauco, Consolacion P. (1998). Retorikang Filipino. Katha Pub. Co., inc.

Timbreza, Florentino T. (2003). Filipino Values Today. National Book Store.

Tolentino Jr, Delfin L. (1997). Literary Theory and Critical Practice. University of the Philippines Open University, Diliman Quezon City.

Tuazon, Romana V. (1979). Panitikang Filipino-Pandalubhasaan.

Yu, Rosario T. 1980. Panitikan at Kritisismo. NBS Publishers.

Mga Babasahin (Other Readings)

Consunji, Bianca. (September-2008). METRO." More Money, More Problems?"

Kawpeng, Rissa S. KERYGMA (Vol.18. September, 2008). "What My Parents Failed To Teach Me" No.220

Quinones, Dexter O. (February, 2006). Health & Home "How Do You Spend Quality Time With Your Family?".

Sanchez, Bo. KERYGMA. (No.218 Vol. 18. July, 2008) "Loving the People You Hate."

Sanchez, Bo. KERYGMA. (No.220 Vol. 18. September,2008). "How to be Great Parents?".

Tanalan, Lucile B. Health & Home (January, 2006). "Personal Answers."